¡Colorín colorado!

MGA FAQS PARA SA MGA PAMILYANG MULTILINGUAL

# Espesyal na Edukasyon at Iyong Anak

## BILANG PANIMULA

### *Ano ang espesyal na edukasyon?*

Ang espesyal na edukasyon ay isang libreng serbisyo na inaalok ng mga paaralan para sa mga estudyanteng may kapansanan. Maaaring kabilang dito ang instruction, therapy, behavioral support, o social-emotional support.

### *Makakaapekto ba sa espesyal na edukasyon ng aking anak ang aking estado sa imigrasyon?*

Hindi. Ang iyong anak ay karapat-dapat sa espesyal na edukasyon anuman ang estado ng iyong imigrasyon.

### *Walang pisikal na kapansanan ang aking anak. Bakit sinasabi ng paaralan na mayroong siyang kapansanan?*

Ang mga kapansanan sa pag-aaral ay hindi nakikita ng mata. Ito ay kaugnay sa kung paano natututo ang bata, nakakapagbasa, nakakapagsulat o sa pagbigay ng atensyon. Ang mga estudyante ay maaaring kailanganin na magtrabaho sa maliliit na grupo o gumamit ng mga espesyal na istratehiya sa pag-aaral.

### *Sino ang mamumuno sa proseso ng espesyal na edukasyon mula sa paaaralan?*

Iba-iba ang bawat paaralan. Ang ibang paaralan ay mayroong pangkat para sa espesyal na edukasyon na maaaring kabilangan ng:

| TAGAPAGTURO | TUNGKULIN |
|---|---|
| Guro sa Silid-aralan | Nagtuturo ng mga naglalaman ng grade-level |
| Guro sa Espesyal na Edukasyon | Nagtuturo at nagsusuporta ng mga estdudyanteng may kapansanan |
| Espesyalista sa pagbabasa o pananalita | Nagbibigay ng suporta sa pagbabasa o pananalita/ pagpapaunlad ng lengguwaheng Ingles |
| Guro sa English as a Second Language (ESL) | Tinutulungan ang mga multilingual na estudyanteng matuto ng Ingles |
| Espesyalista o guro na bilinggwal | Nag-aalok ng instruksiyon at suporta para sa dalawa (o mas madami) pang mga lengguwahe |
| Tagainterpreta | Nagiinterpreta ng mga pag-uusap sa pagitan ng mga pamilya at ng paaralan |

### *Ano ang Individualized Education Plan (IEP)?*

Ang IEP ay isang programa na magkasamang binuo ng paaralan at pamilya. Pinapaliwanag nito:

- kung kamusta ang iyong anak sa kasalukuyan, kabilang ang mga kalakasan ng iyong anak
- mga layunin para sa iyong anak
- isang plano upang makamit ang mga layuning iyon, tulad ng mga serbisyo at mga akomodasyon para sa silid-aralan
- sino ang magbibigay ng suportang ito (at kailan)
- ang progreso ng iyong anak sa paglipas ng panahon.

Ang paaralan mag-iiskedyul ng mga **pagpupulong ng IEP** upang buuin ang planong ito. May karapatan kang tumulong sa pagpapaalam ng IEP ng iyong anak, dumalo sa bawat pagpupulong ng IEP, pakinggan ang iyong mga karapatan bago magsimula ang bawat pagpupulong, pagiiskedyul muli ng mga pagpupulong ng IEP, pagtanggap ng mga update, pag-review o pagbago ng IEP, at pagtatanong sa anumang oras.

### *Maaari bang tumigil ang aking anak sa mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon?*

Oo. Tandaan na ang mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon ay makakatulong upang ay mas makapagtrabaho ng mag-isa. Ang mga pagpupulong ng IEP ay magandang oras upang ibahagi ang iyong mga katanungan at inaalala.

### *Nahihirapan ang anak ko sa paaralan. Maaari ba akong humiling ng mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon ?*

Maaari mong sabihan ang paaralan na suriin ang iyong anak. Ang paaralan ay maaaring magrekomenda o hindi magrekomenda ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon o iba pang mga suporta. Tanungin sa anumang oras ang guro ng iyong anak patungkol sa iyong mga pagpipilian.

## AKING TUNGKULIN

### *Ano ang aking tungkulin sa prosesong ito?*

Nais ng mga paaralan sa U.S. na makituwang ang mga pamilya sa paaralan ng kanilang anak! Magbahagi ng mga ideya patungkol sa interes, personalidad at pag-uugali ng iyong anak. Humingi ng mga ideya at tulong kung kinakailangan.

### *Hindi ako sang-ayon sa plano ng paaralan. Ano ang dapat kong gawin?*

Mayroon kang karapatan na tanggihan, baguhin at itigil ang mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon. Subalit, importante na maintindihan ang mga rekomendasyon ng paaralan bago ka gumawa ng desisyon.

## LENGGUWAHE

### *Paano ako makakakuha ng impormasyon sa aking sariling lengguwahe?*

May karapatan kang:

- makatanggap ng **LAHAT** impormasyon sa iyong lengguwahe
- magkaroon ng taga-interpreta sa alinmang pag-uusap o pagpupulong

### *Paano kung kailangan ng aking anak ang parehong ESL at serbisyo para sa mga espesyal na edukasyon?*

May ligal na karapatan ang iyong anak na makatanggap ng ESL, bilinggwal/dalawang lengguwage, **AT** serbisyo para sa mga espesyal na edukasyon. Responsibilidad ng paaralan na iaalok **LAHAT** ng serbisyo na kailangan ng iyong anak.

### *Ang anak ko ay nag-aaral pa rin ng Ingles. Paano kami makakasigurado na kailangan ng anak ko ang espesyal na edukasyon?*

Maaaring mahirap alamin kung kailangan ng espesyal na edukasyon ang isang bata na nag-aaral ng bagong lengguwahe. Hangga't maaari, napakaimportante na may mga propesyonal na nagsasalita ng iyong lengguwahe sa iyong pangkat. Maaari nilang suriin ang iyong anak sa inyong lengguwahe. Makakapabigay ito ng mas malinaw na kaalaman ng pagkatuto ng iyong anak. Kung nahihirapan ang iyong anak sa iyong lengguwahe, pakipaalam sa iyong pangkat.

Mga ilustrasyon ni Rafael López



Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang...
*ColorinColorado.org/families/special-education*

NATIONAL EDUCATION ASSOCIATION